Republika ng Pilipinas



TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

19 Marso 2020

Minamahal kong mamamayan ng Cabanatuan,

Humaharap po ang buong mundo ngayon sa isang malaking pagsubok dala ng banta ng Corona Virus Disease 2019 o COVID-19.

Ang buong Luzon ay nasa ilalim ng ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE na mandato ng ating Pangulong Rodrigo R. Duterte.

Alam ko pong hindi madali ito para sa ating lahat, lalung-lalo na para sa mga kababayan nating pansamantalang nawalan ng negosyo at hanapbuhay.

Ang Pamahalaang Lungsod po ay nakagayak na tumugon sa mga maaaring idulot ng COVID-19. Sa kasalukuyan, ang mga sumusunod po ay ating isinasagawa:

- Sa lahat ng entry-exit points ng Cabanatuan ay may nakatalagang kawani ng PNP, at BFP:
- Ang Sanitation Team ng Cabanatuan ay magsasagawa ng disinfection sa lahat ng mga barangay. Kabilang dito ang mga paaralan, simbahan, palengke at iba pa;
- Kasalukuyan din pong activated ang lahat ng Barangay Health Emergency Response Team (BHERT) na nagmamanman sa kalagayan at kalusugan ng ating mamamayan;
- Para po sa mga pansamantalang nawalan ng kabuhayan, ang bawat Punong Barangay ay inaatasang tukuyin ang mga kababayan nating nawalan ng hanapbuhay at kakayanang makabili man lang ng makakain sa araw-araw. Ang CSWDO ay aking inatasan na maggayak para sa pagbibigay ng Food Assistance at iba pang mga social services.

Akin pong hinihiling ang pag-unawa at kooperasyon ng lahat ng Cabañatueno sa ating Pamahalaang Lungsod para sa maayos na pagtugon sa pangangailangan ng ating pamayanan.

Ang pagsubok na ating hinaharap ay kakaiba at bukod tangi sa mga nagdaang hamon sa ating lungsod. Isang pagsubok na kung saan masusukat ang pagkakaisa at pagkakabuklod natin upang harapin ang bukas bilang tunay na mga nagmamahal sa Lungsod nating Cabanatuan.

MXCA EŁIZABETH R. VERGARA

Punong Lungsod